



January 2018  
Vol. 1 Issue 5

# KABAYAN

## Polyetong Pinoy

### Toyohashi International Festival 2017

**Nilalaman:**

<i>Toyohashi International Festival 2017</i>	2
<i>Saludo kami sa iyo kabayan...</i>	3
<i>Inside Story: The Lion and the Mouse</i>	3
<i>Basic Japanese Lesson</i>	4
<i>Community Board</i>	4
<i>Announcement</i>	4

Noong Nobyembre 19, 2017, ay idinaos ang Toyohashi International Festival sa coconico. Dito ay ipinakita ng mga dayuhan na naninirahan sa Toyohashi tulad ng taga-Ecuador, Peru, Venezuela, at iba pang bansa ang samu't saring mga kultura, partikular sa pagsayaw at pagkanta. Mayroon din iba't-ibang mga pagkain, damit at accessories, palaro (para sa mga bata) at iba pa. Ang Toyohashi Filipino Association o TFA, kumakatawan para sa bansang Pilipinas, ay naghanda at nagtanghal ng sayaw na Ragragsakan at Sayaw sa Cuyo, upang maipakita sa mga manonood ang kulturang Pilipino.

Simula noong 2015 na kung saan ay dinaraos ang International Festival ay sinimulan din na makilahok ng TFA upang maipakita ang kulturang pinoy sa pamamagitan ng pagsayaw ng iba't-ibang "folk dance" ng Pilipinas. Dalawang sayaw bawat taon ang ihinahanda nila para sa festival na ito. Nagkaroon din ng booth para sa pagkaing pinoy sa "World Gourmet", na inihanda ng "Bahay Kubo"

Restaurant. Maraming tumangkilik sa pagkaing pinoy, maging ang ibang mga dayuhan at mga Japanese (lalo na ang mga bata) ay nagulat na may ulo ng baboy (lechon) sa harap ng "booth".

Habang isinasagawa ang International Festival, nakaranas ang lahat ng mga bayagang dumalo ng iba't-ibang kultura ng Japan sa pamamagitan ng paggawa ng "Ikebana" o flower arrangement, "green tea ceremony" at pagkain ng "wagashi" o Japanese confectionery.



Ang salitang ragragsakan ay mula sa salitang Ilokano na ang ibig sabihin ay kasayahan. Ang inspirasyon sa paglikha ng sayaw na ito ay ang mga dalagang Kalinga na may dalang basket na nakapatong sa kanilang ulo, kung saan nakalagay ang mga bagay na kailangan ng mga tao sa kasayahan, na ginagawa kapag ang mga "headhunter" ay matagumpay na nakabalik o kaya ay ang matagumpay na pag-uusap tungkol sa kapayapaan sa pagitan ng mga karibal na tribo.

Points to ponder

*"You may have to fight a battle more than once to win it"*

*-Margaret Thatcher*



Ang sayaw sa cuyo ay nagmula sa pagdiriwang ng St. Augustin, ipinagdiriwang sa maliit na isla ng Cuyo—ang kabisera ng Palawan. Ito ay Polish folk dance na may impluwensyang Espanyol, ipinagdiriwang ng mga batang babae ang pista na ito sa pamamagitan ng pagsusuot ng magarbong damit at sombrero habang nagsasayaw ng waltz at iba pang hakbang ng sayaw mula sa Europa.





Ikebana or flower arrangement



Green tea ceremony and Wagashi



TFA Dancers




Bahay Kubo Philippine Restaurant



Dindo Abueg kasama ang Cuyo Dancers at ang supporters ng Filipino Association.



Sayaw sa Cuyo



Lechon



Ragragsakan



Toyohashi Filipino Association  
(TFA) Panel



## Saludo kami sa iyo kabayan...

Isang kababayan natin na naninirahan dito sa Toyohashi City ay nalathala sa TouNichi Newspaper dahil sa kanyang katapangan sa pagsugpo sa sunog na nangyari sa apartment kung saan din siya naninirahan. Siya ay si Nanette Maeda.

Nangyari ang sunog noong November 18, 2017, 11:25am, sa isang 2 storey apartment sa Higashi Iwata 4 chome. Nagpapahinga ang ating kabayan ng marinig niya ang fire alarm sa loob mismo ng kanyang kuwarto na may-roong sunog sa kanilang apartment. Nakita niya rin mula sa bintana na may lumalabas na maitim na usok. Nagmamadali siyang lumabas ng kanyang kuwarto at nagpunta sa lugar ng sunog. Mula sa kusina ay nakita niya ang apoy na may isang metro na ang taas. Gamit ang fire extinguisher na nakita niya sa daan ay nasugpo ng ating kababayan ang apoy. Ang sunog ay nagmula sa kaldero na may tempura oil. Wala namang nasugatan o nasaktan sa pangyayaring

ito. Dahil sa pangyayaring ito ay nalaman na maraming dayuhan ang hindi alam kung paano gumamit ng fire extinguisher.

Dahil sa kanyang katapangan ay ginawaran siya ng Certificate of Appreciation ng Toyohashi City Fire Department

Nalaman ng ating kabayan ang paggamit ng “fire extinguisher” sa pamamagitan ng Fire Disaster Drill na isinagawa ng company na kaniyang pinagtatrabahuhan. Ito rin ay itinuturo sa mga estudyante sa loob ng paaralan. Mahalagang matutunan kung paano gumamit ng fire extinguisher at kung ano ang dapat gawin kapag naganap ang isang sunog. Mayroon din mabibili sa mga home center na spray type na pangsugpo ng sunog na maaari ninyong ilagay sa kusina upang magamit sakaling maganap ang sunog.

### The Lion and the Mouse

A Lion lay asleep in the forest, his great head resting on his paws. A timid little Mouse came upon him unexpectedly, and in her fright and haste to get away, ran across the lion’s nose. Roused from his nap, the Lion laid his huge paw angrily on the tiny creature to kill her.

“Spare me!” begged the poor Mouse.  
“Please let me go and someday I will surely repay you.”

The Lion was much amused to think that a Mouse could ever help him. But he was generous and finally let the Mouse go.

Some days later, while stalking hi prey in the forest, the Lion was caught in the toils of a hunter’s net. Unable to free himself, he filled the forest with his angry roaring. The Mouse knew the voice and quickly found the Lion struggling in the net. Running to one of the great ropes that bound him, she gnawed it until it parted, and soon the Lion was free.

“You laughed when I said I would repay you,” said the Mouse. “Now you see that even a Mouse can help a Lion.”



Pagpapangaral sa ating kabayan na si Nanette Maeda na isinagawa sa Toyohashi City Hall



*A kindness is never wasted*

Reach out, build connections and live a happy life in Toyohashi.

Kung kayo ay may puna o suhestiyon, maaari nyong i-message sa FB page (private message)  
<https://facebook.com/1484tabunka/>

Kung nais nyo din na mag-ambag ng mga artikulo o istorya, anunsiyo o pagbati, maaari nyong ipadala sa tanggapan.

## Basic Japanese Lesson

SOME ADJECTIVES	
small ちいさい chiisai	large おおきい ookii
cute かわいい kawaii	frightening こわい kawai
funny おもしろい omoshiroi	boring つまらない tsumaranai
new あたらしい atarashii	old ふるい furu
busy いそがしい isogashii	not busy ひま(な) hima(na)
hot あつい atsui	cold さむい samui
beautiful きれいな kirei(na)	like/fond of すきな suki(na)

KANJI - NUMBERS	
1	一 ichi いち
2	二 ni に
3	三 san さん
4	四 yon よん
5	五 go ご
6	六 roku ろく
7	七 nana なな
8	八 hachi はち
9	九 kyuu きゅう
10	十 juu じゅう
100	百 hyaku ひゃく
1000	千 sen せん
10000	万 man まん

## Community Board

TFA  
TOYOHASHI FILIPINO ASSOCIATION  
**PINOY TALK**  
SA  
**RADIO Nikkey**

Tuwing Lunes

7:30 pm ~ 9:00 pm

## KONSULTASYON PARA SA INCOME TAX 2018

Ang Toyohashi International Association ay nag-aalok ng konsultasyon para sa Tax Return.

Para sa mga sumusunod na tao

- 1) Tumigil sa trabaho sa taong 2017.
- 2) Nakakuha ng kita mula sa 2 o higit pang trabaho Kailangang Magpareserba
- 3) Nakalimutan mag-file ng exemption tungkol sa dependents (kabilang ang mga taong nagremit ng pera sa ibang bansa upang suportahan ang kanilang pamilya)
- 4) Nagbayad ng higit sa tiyak na halaga o higit pa sa mga medikal na gastos ng iyong pamilya.
- 5) Taong kasapi sa National Health Insurance at Life Insurance na nagbayad ng sobra sa kailangan ayusin upang bumalik ang sobrang perang ibinayad.
- 6) Para sa mga taong nakabili ng OTC na mga gamot na nagkakahalaga ng 12,000 para sa kanyang pamilya.
- 7) Nagbayad ng higit sa (¥100,000) 10 lapad na gastos pangmedikal ng iyong pamilya.

LIBRE !!  
Kailangang  
Magpareserba

**Peta:** Pebrero 4 at 11, Linggo 10:00 am – 4:00 pm  
**Lugar:** Toyohashi City Hall, 13th flr.  
**Tagapagsalin:** Portuguese, Espanyol, English at Tagalog  
Kailangang magpareserba sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o sa e-mail (1 Buong pangalan 2 Lungsod 3 Nasyonalidad 4 Telepono 5 Taon na ideklara 6 Ano ang ideklara)  
**Kapasidad:** 80 katao bawat araw (batay sa pagkakasunod-sunod ng mga aplikasyon)  
**Sponsor:** Toyohashi City (Toyohashi International Association)  
**Co-sponsor:** Tokai Licensed Tax Accountants Association, NPO-ABT Toyohashi Brazilian Association

**Mangyaring dalhin ang mga sumusunod:**  
(Ang mga dokumento ay maaaring mag-iba ayon sa kung ano ang ideklara)  
Original withholding slip (gensen choshu hyou), Residence card (zairyu card), My number, Passport, Bankbook, Inkan. Upang patunayan ang koneksyon na may dependents sa ibang bansa:  
Birth Certificate o Marriage Certificate (original at may kasamang nakasalin sa Japanese), bank transfer statement, mga binayaran sa National Health Insurance, Social Insurance, at Life Insurance, resibo mula sa gastos pangmedikal na nagkakahalaga ng 10 lapad pataas. Resibo ng OTC na gamot, medical examination certificate at iba pa.

Meron pa nito

May libreng konsultasyon sa mga eksperto

**Pebrero 4**  
NOTARY PUBLIC – Aichi Prefecture  
Gyoushoshi Lawyers' Association  
(visa, naturalization, pagbubukas ng kumpanya, My Number, atbp.)  
Sa partnership: Aichi Prefecture  
Gyoushoshi Lawyers' Association

**Pebrero 11**  
SIKOLOHIKAL NA PAGPAPAYO  
(emosyonal na mga problema, pagiging magulang, depresyon at iba pa)  
Sa pakikipaglutungan ni Juliana Nakasaki, isang psychologist.

Para sa iba pang mga impormasyon at pagpapareserba, tumawag o mag e-mail sa:  
Toyohashi International Association Ekimae Odori 2-33-1 Kaihatsu Bldg. 3F  
Tel# 0532-55-3671 (10:00-17:00) e-mail: guida@tia.aichi.jp